

TITLE: **Don't Miss Out On Your Breakthrough**

**Huwag Mong Palagpasin ang Tagumpay Mo**

TEXT: 2 Samuel 5:17-20

Big Idea: Hear and obey the voice of God for He is our stronghold and our breakthrough!

**Pakinggan at sundin ang tinig ng Panginoon dahil Siya ang ating tanggulan at tagumpay**

INTRODUCTION:

- Have you ever felt as if there is some unseen force working against you?
- This invisible barrier is much more real than we think, so let us take time today to consider what we can do to break through it.

### **I. The Reality Of Struggle [v.17a] (Ang katotohanan ng Pakikibaka)**

Life is filled with struggles. Shortly after David is anointed king over all of Israel, the Bible says that all of the Philistines came at war against David.

**Ang buhay ay puno ng pakikibaka. Pagkaraan na maging hari si David, lahat ng mga Pilistino ay nakipaglaban sa kanya.**

#### **A. The Reality Of The Struggle (Ang Katotohanan Patungkol Sa Pakikibaka)**

##### **1. No level of ASSOCIATION will keep you out of the struggles of life.**

**Hindi ang mga kakilala mo ang magliligtas sa iyo mula sa mga hamon ng buhay.**

- Although we live in a world that tells us, "It's not what you know but who you know," you'll still find yourself in struggles you can't handle by yourself even if you're surrounded by the most influential people.

**Kahit sinasabi ng mundo na mahalaga ang magkaroon ng mga maimpluwensyang kakilala, hindi sila ang magliligtas sa iyo. May mga hamon na darating na hindi mo pa rin kakayanin kahit na kasama mo pa sila.**

- When David was running from King Saul, there was a point when David left Israel and stayed with the Philistines. He lived with them, associated with them, made allegiance with their kings. But when David became king of the united Israel, the same people he associated with are now the same folk who are gearing up to bring him down.

**Nang tumakas si David mula kay Saul, may panahon na tumira sya kasama ang mga Pilistino. Sya ay nakiayon sa kanila. Ngunit ng sya ay naging hari, ang mga taong inayunan nya ang sya ding nais magpabagsak sa kanya.**

- Sometimes the very people you think you're connected to will be the very people who will try to tear you down.

**May mga sandali na ang mga taong akala mo ay malapit sa iyo ang siya pang may balak na magpabagsak sa iyo.**

##### **2. No level of AFFLUENCE will keep you out of the struggles of life.**

**Walang kayamanan ang magliligtas sa iyo mula sa pakikibaka sa buhay.**

- Life doesn't care how much you make. When the Lord elevated David and made him king over all of Israel, the Bible says that the whole Philistine army tried to come against David.

## RCMI L-Path Teaching

April 25, 2021

English/Tagalog

Even though he was richer and bigger than he used to be, it did not prevent him from having to go through the struggles of life.

Walang pagtingin ang buhay sa mga kayamanan mo. Tulad ni David, nang sya ay maging hari, ang buong hukbo ng Pilistin ay lumaban sa kanya.

- It doesn't matter how rich or successful or accomplished you are, none of that will shield you from the battles of life.

Kahit ikaw pa ay mayaman o matagumpay, darating pa rin ang mga hamon sa buhay mo.

### 3. No level of ANOINTING that will keep you out of the struggles of life.

Hindi ang kapuspusan mo ang magtatanggol sa iyo laban sa hamon ng buhay.

- Remember, this is David! 17 years ago, he was anointed to be king of Israel.
- If anybody was anointed, it was David. But the anointing and favor of God on his life did not shield him from the battles of life.
- It happens to all of us. The reality is, that no matter how anointed you are, you will still have trouble.

Si David na sobrang puspos ng Diyos ay hindi nakaligtas sa problema ng buhay. Ang mga pagsubok ay nararanasan ng lahat.

**DISCUSSION:** Do you agree that life is full of struggles? Do you have any right now? SHARE.

Naniniwala ka ba na ang buhay ay puno ng hamon o pagsubok? Mayroon ka bang pagsubok ngayon? Ibahagi ang karanasan.

**APPLICATION:** It will help if the cell members can share their struggles without any intention to judge but to spur one another in love.

Makakatulong kung ang lahat ng myembro ng grupo ay magbahagi ng kanilang mga pagsubok na dinaraan para mapalakas ang bawat isa.

## II. The Refuge Of A Stronghold [v.17b] Ang Pananahan sa ating Tanggulan

"...but David heard about it and went down to the stronghold." [v.17b]

- So what does David do? When he was in this battle for his life, what did David do? Accdg. to the Bible, David went to the stronghold.
- The stronghold is the place that David ran to where he could find strength before the battle. It was where he went to calm his spirit and get clarity over the issue before he gets into it.
- Everybody needs a stronghold. A stronghold is a place that has been fortified so as to protect it against attack.

Ano ang ginawa ni David sa panahon ng pagsubok? Siya ay nanahan sa tanggulan nya. Dito sya kumuha ng lakas bago ang laban. Dito nya pinatahimik ang kanyang spirito at ito ang nagbigay liwanag sa kanyang isipan bago sya pumasok sa sitwasyon.

Lahat tayo ay nangangailangan ng tanggulan natin. Ito ay isang lugar na protektado laban sa anumang atake ng kaaway.

## RCMI L-Path Teaching

April 25, 2021

English/Tagalog

- **The Lord is my stronghold.** Proverbs 18:10, “The name of the Lord is a strong tower; the righteous run to it and are safe.” NKJV

### III. The Revelation Of The Sovereign [v.19-20] **Ang Pagpapahayag ng Kataastaasan**

#### A. How to receive your breakthrough? [v.19-20a] **(Paano makukuha ang tagumpay)**

##### 1. Inquire [Hear] [v.19] **Magtanong**

- We need to draw close to God and be willing to be vulnerable to Him. Ps. 27:1-4

##### 2. Obey [v.20] **Sumunod**

- David believed God and did what God told him to do. This is the big difference between those who have a breakthrough and those who do not: **Obedience.**
- **Nanalig sa Diyos si David at sumunod sya sa utos ng Diyos. Ito ang kaibahan ng mga taong nagtatagumpay at mga taong talunan: Ang Pagsunod.**

#### B. Our Sovereign God reveals Himself as “The Lord of Breakthroughs!” **(Ang Kataastaasang Diyos ang magpapahayag ng Kanyang sarili sa atin bilang Diyos ng Tagumpay)**

- To the Philistines, it’s the valley of Rephaim, the valley of giants/ trouble, but for David, it’s Baal Perazim. David looked at the place where the enemy was set up, the place where he should have taken a loss but because of what the Lord did he renamed the valley to mean “the Lord broke through.”
- **Pinangalanan ni David ang lugar na ‘Ang Panginoon ang Nagtagumpay’ dahil sa tagumpay na binigay ng Diyos.**

**DISCUSSION:** Look back at the valleys of your giants/ struggles in the past, share what the Lord of Breakthroughs did for you to come out victorious?

**Magbalik tanaw sa mga naging pagsubok noon, ibahagi kung ano ang ginawa ng Diyos sa buhay mo para ikaw ay magtagumpay.**

**APPLICATION:** Rename your valleys with the name of God. Declare breakthrough for every struggle you’re encountering personally, at home, at the workplace, at school, etc.

**Pangalanan ang pagsubok na yan ng pangalan ng Diyos. Maghayag ng tagumpay sa buhay mo, sa pamilya mo, sa trabaho at sa eskwela mo.**

**CHALLENGE:** The closer you are to God, the closer you are to your breakthrough.  
“Hear and obey the voice of God for He is our stronghold and our breakthrough!”

**Kung mas malapit ka sa Diyos, mas malapit sa iyo ang tagumpay. ‘Pakinggan at sundin ang tinig ng Panginoon dahil sya ang ating tanggulan at tagumpay!**